

Pagsasanay sa Filipino

© 2013 Pia Noche, www.samutsamot.com

Pangalan _____ Petsa _____ Marka 15

Mga sagot sa Pagkilala sa Simuno o Paksa ng Pangungusap

Panuto: Ang mga pangungusap sa ibaba ay mula o hango sa 2013 *State of the Nation Address (SONA)* ni Pangulong Benigno S. Aquino III. Salungguhitan ang buong simuno o paksa (*complete subject*) at isulat sa patlang ang payak na simuno o paksa (*simple subject*) ng bawat pangungusap.

1. pangulo Nagbigay ng talumpati ang pangulo sa harap ng Kongreso noong ika-22 ng Hulyo.
2. hangarin Ang hangarin ni Pang. Benigno Aquino III ay ang malawakang transpormasyon ng ating lipunan.
3. bilang Dadagdagan pa ang bilang ng mga pamilyang mayroon na o magkakaroon na ng disenteng tahanan.
4. pera Ang pera para sa edukasyon, kalusugan, at serbisyong panlipunan ay napalago dahil sa tama at mas masugid na pagkolekta ng buwis.
5. Pilipino Ang mga Pilipino na handang makiambag ay siyang ugat ng pagbabagong tinatamasa natin ngayon.
6. susi Malawakang pagkakataon ang susi sa malawakan at pangmatagalang kaunlaran.
7. kaunlaran Ang malawakang kaunlaran ay ang prinsipyong bukal ng bawat inisyatiba, kilos, at desisyon ng pamahalaan.
8. benepisyaryo Umabot sa halos apat na milyon kabahayan ang mga benepisyaryo ng Pantawid Pamilyang Pilipino Program.
9. kakulangan Ang kakulangan sa libro at upuan sa mga pampublikong paaralan ay nabura na.
10. bansa Nag-angkat ang ating bansa ng mahigit dalawang milyong metriko tonelada ng bigas noong 2010.
11. bigas Ang matataas na uri ng bigas ay sinimulan na nating iniluluwas.
12. mangingisda Tutulungan ng pamahalaan makaalpas sa lambat ng kahirapan ang ating mga mangingisda.
13. impraestruktura Ang mga impraestruktura na kailangan ng ating mga mangingisda ay ipinapaayos na.
14. layunin Ang layunin na masaklaw ng PhilHealth ang mas marami pa nating kababayan ay natupad na.
15. listahan Mas mahaba na ang listahan ng mga karamdamang libreng maipapagamot sa mga pampublikong ospital.

Talâ: inisyatiba - *initiative*; benepisyaryo - *beneficiary*; angkat - *import*; luwas - *export*